
8

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 14: Huwarang Pamilya sa Lipunan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 14: Huwarang Pamilya sa Lipunan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Rashiel Joy F. Lepaopao, |
| **Editor:** | Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagasuri:** | Elizabeth M. Ysulan, Ponciano G. Alngog, Prudenciana D. Mallari, Judith E. Ecoben, Jezzine F. Salar, Megie M. Lillo, John Rey C. Clarion |
| **Tagaguhit:** | Alim V. Eviota, Mark Lorenz C. Luib, Merlinda W. Malimit, Jay S. Mateo, Adonis P. Umipig, Jubell C. Cababat |
| **Tagalapat:** | Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagapamahala:** | Francis Cesar B. Bringas<br>Isidro M. Biol Jr.<br>Maripaz F. Magno<br>Josephine Chonie M. Obseňares<br>Lope C. Papeleras<br>Michael C. Paso<br>Juan Jr. L. Espina |

**Inilimbag sa:**

**Department of Education - Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600
Telefax No.: (085) 342-5969
Email Address: caraga@deped.gov.ph

# 8

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 14: Huwarang Pamilya sa Lipunan

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 8 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 14 para sa Aralin 1 - Huwarang Pamilya sa Lipunan!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinagtatagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pang-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa Mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 8 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 14 para sa Aralin 1 - Huwarang Pamilya sa Lipunan!

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutan ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutan lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



# *Alamin*


Ang pamilya ay pinakamaliit na yunit ng lipunan at dito nahuhubog ang indibidwal na nag-uugat sa pagiging isang mabuting mamamayan. Ang pangunahing kontribusyon ng pamilya ay ang pakikibahagi at pagbibigayan sa kapuwa. Bukod dito, tungkulin din ng isang pamilya ang pagbabantay sa mga batas at institusyong panlipunan.

Sa klasikal na pagsusuri hinggil sa katangian ng isang pamilya masasabing kailangan na magsama ang bawat miyembro upang makapagsagawa ng iba't ibang aktibidad at makapag-ambag sa mga pangangailangan ng pamilya. Ang pananaw na ito ay nagbabago sa paglipas ng panahon, sinasabing ang pamilya ay may malaking tungkuling dapat magampanan sa lipunan, isa na rito ay ang masigurado na patuloy sa pag-unlad, pagpapahalaga at pagtatangkilik sa mga gawaing nakabubuti sa nakararami.

Kung ang bawat pamilya ay isinasabuhay ang mga tungkulin sa ating komunidad, tiyak na may matiwasay at maunlad na pamumuhay.

Sa modyul na ito malilinang ang kasanayang pampagkatuto na:

a. Nasusuri ang isang halimbawa ng pamilyang ginagampanan ang panlipunan at pampolitikal na papel nito. (ESP8PB-Ig-4.2)



# *Subukin*

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Anong papel ang ginagampanan ng pamilyang nagsusulong ng bayanihan sa isang lugar?
   A. pampolitikal
   B. pangkalusugan
   C. panlipunan
   D. pansimbahan

2. Anong papel ang ginagampanan ng pamilyang sumusunod sa mga batas na nagproprotekta sa karapatang pantao?
   A. pampolitikal
   B. pangkalusugan
   C. panlipunan
   D. pansimbahan

3. Anong papel ang ginagampanan ng pamilyang magiliw na tinatanggap ang mga panauhin?
   A. pampolitikal
   B. pangkalusugan
   C. panlipunan
   D. pansimbahan

4. Anong papel ang ginagampanan ng pamilyang nagboboluntaryong naglilingkod sa pamayanan?
   A. pampolitikal
   B. pangkalusugan
   C. panlipunan
   D. pansimbahan

5. Anong papel ang ginagampanan ng pamilyang nagsasabuhay sa mga karapatang maging pribado ang buhay.
   A. pampolitikal
   B. pangkalusugan
   C. panlipunan
   D. pansimbahan

6. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng gampaning panlipunan?
   A. Sinusunod ng pamilyang Torres ang panukala ng gobyerno.
   B. Nagpahayag ng pansariling saloobin si Carla hinggil sa problemang kinaharap.
   C. Ginagalang ng bawat miyembro ng pamilya ang karapatang pantao ng bawat isa.
   D. Pinalaganap ng pamilyang Santas ang pagbibigay ng tulong sa mga kapus-palad.

7. Alin sa sumusunod ang halimbawa ng panlipunang papel ng pamilya?
   A. bininyagan ang sanggol
   B. binigyan ng bata ang pulubi ng pagkain
   C. pag-aalaga sa isang matanda sa bahay-kalinga
   D. matiwasay na bumoto ang mga mag-aaral sa SSG

8. Alin sa sumusunod ang halimbawa ng pampolitikal na papel ng pamilya?
   A. pagtatanim ng halaman sa bakuran
   B. pakikiisa sa bayanihan ng barangay
   C. pagtulong sa kapitbahay na nasunugan
   D. pagpapaaral ng mga anak sa magandang institusyon

9. Alin sa sumusunod ang halimbawa ng panlipunang papel ng pamilya?
   A. paglahok sa *clean-up drive*
   B. pagtanggap ng tulong mula sa 4P's
   C. pagkakaroon ng proteksiyon mula sa awtoridad
   D. pamimigay sa mga senior citizen ng honorarium mula sa DSWD

10. Si Zack ay nakapila sa *fast food chain* para bumili ng pagkain. Nakita niya ang isang matanda sa kanyang likuran kaya inalalayan niya ito sa *priority lane.* Anong pampolitikal na papel ang nagampanan ni Zack sa pagtulong?
   A. karapatang pumila
   B. karapatan ng batang maisilang
   C. paggalang sa karapatan ng matanda
   D. manindigan sa pansariling karapatan

11. Si Belle ay isang manggagawa sa pabrika na naaksidente sa oras ng trabaho ngunit hindi nabigyan ng tulong pinansiyal ng kompanya. Anong karapatang pampolitikal ang nalabag ng kompanya sa pamilya ni Belle?
   A. karapatang magbakasyon
   B. karapatang umangat ang posisyon
   C. karapatang matanggap nang maaga ang *mid-year bonus*
   D. karapatan ng manggagawang may sakit na magtamo ng pisikal at pang-ekonomiyang seguridad

12. Panlipunang papel: paglilinis ng mga kanal;
Pampolitikal na papel:
   A. pagbahagi ng baon ni Jane sa kanyang kaklase
   B. pagbibigay *scholarship* sa mga kapus-palad
   C. pagsunod sa batas trapiko
   D. pamamahagi ng *relief goods*

13. Pampolitikal na papel: Pagtaguyod ng pananampalataya;
Panlipunang papel:
   A. pagbibigay ng moral na suporta sa kasapi ng pamilya
   B. pagsasakatuparan ang kanyang pananagutan
   C. pagsasapribado ng buhay
   D. pagbuo ng pamilya

14. Pampolitikal na papel: pagsunod sa batas trapiko;
Panlipunang papel:
   A. pagbibigay ng donasyon sa mga biktima ng lindol
   B. pagkakaroon ng kalayaan sa pagpili ng relihiyon
   C. malayang makaanib sa isang asosasyon
   D. may pagkakataong mapapaunlad ang sarili

15. Pag-aalaga sa mga hayop: Panlipunang papel;
Pagsunod sa batas ng paghiwahiwalay ng basura:
   A. karapatang pampolitikal
   B. karapatang panlipunan
   C. karapatang pangkalikasan
   D. pampulitikal na papel

# Aralin 1 Huwarang Pamilya sa Lipunan

*"Ang pagkakaroon ng tahanan ay katiwasayan. Ang pagkakaroon ng pamilya ay kagalakan. Ang pagkakaroon ng pareho ay biyaya."*

*-Anonymous*



## *Balikan*

Ngayon, may inihanda akong gawain hinggil sa nakaraang modyul bilang tanda na may lubos kang pagkatuto sa nakaraang aralin. Alam kong kayang-kaya mo ito kaibigan! Ngayon pa lang binabati na kita.

**Gawain 1: Tambalan!**

Pagtambalin ang mga suliraning makikita sa hanay A sa mga maaring maging tulong na makikita sa hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

**Hanay A**

1. residenteng apektado ng pag-baha
2. gumuhong bahay ng iyong kapitbahay dahil sa lindol
3. kaklaseng walang papel at pangmatrikula
4. 4. matandang mag-asawang nanlilimos sa kalye
5. pagguho ng lupa tuwing luma-lakas ang ulan.
6. paglaganap ng sakit na dengue
7. korupsyon ng mga nanunung-kulan
8. mga nangyayaring aksidente sa daan
9. pang-aabuso
10. pagkasira ng yamang dagat

**Hanay B**

A. pansamantalang patuluyin sa bahay ang kapitbahay na naapektuhan ng pagbaha.
B. matalinong pagbuto o pagpili ng uupong politiko
C. boluntaryong makiisa sa tree-planting
D. pahiramin ng papel
E. magbigay donasyon tulad ng pagkain at pinansyal
F. lumahok ng bayanihan sa pagkumpuni o paggawa ng bahay
G. magpadala ng pormal na liham sa kinauukulan na maglunsad ng proyekto sa paglilinis
H. pagsunod sa batas trapiko
I. tumutulong sa paglilinis ng coastal area



***Mga Tala para sa Guro***

Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa ***Balikan*** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.

## Tuklasin

### Gawain 2: Repleksyon; Malasakit sa Kapuwa

Basahin ang deskriptibong sanaysay tungkol sa buhay ng isang pamilya na kinilala sa pagbibigay tulong at pagnilayan ang mga gabay na tanong.

**Pagtulong: Repleksyon sa Isang Huwarang Pamilya**
Ni: *Rashiel Joy F. Lepaopao*

Iba-iba ang pamamaraan ng tao sa pagpapakita ng malasakit sa kapuwa. Maaaring sa paraan ng pagbibigay tulong moral, pinansyal, mga kawang-gawa, fund raising at kahit sa simpleng pag-abot ng ulam sa kapitbahay.

Ang pamilya ni Rudy Cruz ay isa sa mga pamilyang Pilipino na may katangi-tanging paraan ng pagbibigay ng tulong mula sa pagpaplano hanggang sa pagbabahagi nito sa kapuwa. Bakit ito natatangi?

Naging modelo ng mga anak ang kanilang ama sa pagbibigay ng tulong. Si Mang Rudy ay likas ang pagtulong sa kapuwa, kilala sa pamimigay ng libreng almusal sa mga taong nasa lansangan na dumaraan sa kanilang karenderya. Ito ay panata niya bilang isang tao na naghikayat naman sa bawat kasapi ng kanilang pamilya na maglalaan ng 5% sa kanilang sahod at bago matapos ang taon, sa buwan ng Disyembre ay mamahagi ang pamilya ng pamaskong handog sa kanilang barangay.

Maliban sa kawang-gawa ng buong pamilya, nagbigay rin ang tatlong anak ni Mang Rudy ng tulong sa mga nangangailangan.

Si Jenny na panganay na anak nito ay mayroong scholarship grant sa piling anak ng mga pamilyang naghihirap. Bawat pasukan ay mayroon itong 20 scholars. Sa kasalukuyan, may napagtapos na itong 10 kabataan na nagtatrabaho na rin at nakatutulong sa kani-kanilang pamilya.

Nagbigay naman ng trabaho sa kanyang kababayan ang pangalawang anak ni Mang Rudy na si Joey na tagapamahala ng isang construction firm. Sa ganitong paraan, nagsilbi itong instrumento upang maging responsableng haligi ng tahanan ang mga amang naipasok niya ng trabaho sa pamamagitan ng kakayahan nitong

Ang bunsong anak naman na si Fatima ay aktibo sa paglahok at pagsasagawa ng fund raising para sa kanyang proyektong “buklat aklat” na naglalayong makabili ng mga story books at diksyunaryo na maibibigay sa 15 paaralan ng kanilang lungsod. Ito ay naglalayong madagdagan ang karunungan ng mga kabataan sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga aklat.

Sa sitwasyong ito, kapani-paniwala kung ano ang puno ay siya rin ang bunga. Sa pagiging matulungin ni Mang Rudy, nagsilbi siyang modelo na naghubog sa kanyang mga anak upang masundan ang kinamulatang paraan ng pagtulong niya sa kapuwa. Kapuri-puri ang ganitong pagpapalaki at pagtaguyod sa pamilya. Tunay na Isang pamilyang huwaran!

**Gabay na tanong:**

1. Anong uri ng pagmamalasakit ang ipinakita ni Mang Rudy? Sa iyong palagay, katang-tangi ba ang gawing ipinakita nito?
2. Anong gampanin ang ipinakita ni Mang Rudy at paano nito naimpluwensiyahan ang kanyang mga anak?



## *Suriin*

Napahanga ka ba sa pagiging matulungin ng pamilyang Cruz? Ikaw, may natatandaan ka bang pangyayari sa inyong pamilya kung saan nag-abot kayo ng tulong sa kapuwa?

Lahat tayo ay nakapag-abot na ng tulong sa ating kapuwa maaaring sa malaki o maliit man na paraan. Kung minsan nga, may mga pagkilos tayong hindi nababatid sa ating sarili na nakapagdala pala ng isang malaking pagtulong sa ibang tao.

Napag-aralan at natukoy mo sa Aralin 1 ang mga tungkuling panlipunan at pampulitikal na dapat magampanan ng pamilya sa sarili at kapuwa. Ang pagtulong na bukal sa loob, pagkawang-gawa, pakikiisa sa bayanihan sa inyong lugar at pangangalaga sa kalikasan ay ilan lamang sa tungkulin ng pamilya sa lipunan.


Sa sanaysay na binasa, mailalarawan na huwarang pamilya ang nabuo ni Mang Rudy dahil sa kanilang bukal sa loob na pagtulong sa kanilang mga kakilala at kapwa. Halimbawa, sa pagbibigay ni Mang Rudy ng libreng almusal sa mga taong nasa lansangan nagampanan nito ang tungkuling panlipunan na magbigay ng tulong na bukas sa loob.

Ang pampolitikal na gampanin ng pamilya naman ay nagbigay-diin sa pangangalaga ng tao sa mga institusyonal na batas, karapatan ng tao at lipunan. Ilan sa mga karapatang ito ay:

1. pagbibigay laya na maipahayag ang paniniwala ng isang tao batay sa kanyang pananampalataya
2. pangangalaga sa kabataan laban sa pagbibisyo gaya ng droga, pornograpiya, paninigarilyo at iba pa.
3. paggalang at pag-aaruga sa matatanda
4. pagpapahayag ng sariling pangangatwiran

Halimbawa na lamang sa binasang sanaysay, ang mga anak ni Mang Rudy ay nagampanan ang pampolitikal na tungkulin ng kanilang pamilya sa kapuwa sa pamamagitan ng pagpapamalas at pagbibigay sa karapatan ng mga kabataan na makapag-aral at pagtulong sa kani-kanilang pamilya na magkaroon ng pang-ekonomiyang seguridad sa pamamagitan ng pagbibigay ng trabaho sa mga ama ng pamilya.

Ang panlipunan at pampolitikal na gampanin ay natural na tungkulin ng isang indibidwal sa totoong buhay. Sa katunayan, magkatuwang ang lipunan at mamamayan sa pangangalaga nito. Kung ang lipunan at mamamayan ay walang wastong pamamalakad at pagsunod sa naturang gampanin, maaari itong makalikha ng negatibong epekto tulad ng kaguluhan. Kung kaya, bilang mamamayan nararapat na mapanagutan ang tungkulin upang maging isang huwaran.



# *Pagyamanin*

## Gawain 3: Gampanin ng Pamilya, Suriin!

Suriin ang mga ipinapahiwatig na kilos sa sitwasyon. Isulat ang **TL** kung ito ay naglalarawan ng tungkuling panlipunan at **TP** naman kung tungkuling pampolitikal. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. Ang pamilyang Busta-mante ay nakilahok sa bayanihang pagpapaganda sa nayon para sa darating na kapistahan.
2. Nag-aayuno ang pamilya ni Al Rahad bilang paghahanda nila sa pagsapit ng Ramadan.
3. Naglalaan araw-araw ng oras ang pamilya Reyes para diligan ang mga halaman bilang pangangalaga sa mga pananim.
4. Masipag na nagtatrabaho ang ama ng pamilyang Roxas upang matugunan ang pangangailangan ng mga anak sa paaralan.
5. Tuwing pasko namamahagi ng aguinaldo ang pamilyang Cortez bilang kanilang paraan ng pasasalamat sa mga biyayang natanggap.

## Gawain 4: ITAMA ANG MALI

Suriin at isulat ang **TAMA** kung nagpapakita ng gampaning panlipunan at pampulitikal ang sitwasyon. Kung **MALI,** isulat ang maaaring gawin upang maitama ang kilos sa sitwasyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Si Ben at ang kanyang pamilya ay sakay ng dyip patungong Quiapo para magsimba. Siksikan at gitgitan sa loob ng dyip ng mapansin ni Ben na ang isang lalaki ay palihim na binubuksan ang bag ng kanyang katabing babae. Hindi napalagay si Ben at bahagyang kinalabit ang balikat ng ina ngunit hindi siya naintindihan nito, kaya sumigaw siya nang malakas. "May magnanakaw!". Dali-daling bumaba ang isang lalaki at nagpasalamat ang babae kay Ben.

2. Naisipan ng pamilyang Cruz na magbahagi ng kanilang biyaya sa kanilang mga kapitbahay na kapos at walang-wala sa panahon ng *Enhanced Community Quarantine* (ECQ). Matapos maibalot ang mga pagkain ay binahay-bahay nila ang pamimigay nito.

3. Habang kumakain ay nagtanong ang kanilang nanay kung kumusta ang pag-aaral. Agad ibinahagi ng kuya ni Ana ang mga ginawa nila sa paaralan. Alam ni Ana na nagsinungaling ang kanyang kuya dahil nakita niya itong nag *cutting class* ngunit pinabayaan niya lang ito at hindi sinabi ang totoo sa kanyang nanay at tatay na buong araw nagtatrabaho para matustusan ang kanilang pangangailangan.

4. Kabuwanan ng panganganak ni Jean na isang tindera. Kung kaya nagsumite siya ng *maternity leave.* Walang pagdadalawang-isip na sinang-ayunan ng kanyang amo at ipinaalala ang ilan pang benepisyo na kanyang matatanggap sa panahon at pagkatapos ng pagbubuntis.

## Gawain 5: Aksyon Mo, Huwaran nga ba?

Basahin ang balita sa ibaba. Pagkatapos ay suriin kung ang balita ay isang halimbawa ba ng pagganap ng tungkuling panlipunan at pampulitikal ng isang tao o pamilya. Sagutin ang mga tanong at isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

**"Malasakit sa Pandemic" SYC, Rotaract Surigao namahagi ng Relief**

Umani ng suporta sa mga kababayan at social media ang proyektong #TINABANGAY na lumikom ng mahigit sa Php 100,000 na ipinambili ng mga pagkain para sa ipinamahaging refief goods sa mga naghihirap na kababayang Surigaonon.

April 15, 2020 nang magsimulang mamahagi ng relief goods ang mga kabataan para sa pinakamahirap na pamilya, mga walang tirahan at mga less privilege kung saan pinuntahan nila ang 10 city barangays, 8 island barangays at 1 mainland barangay ng munisipalidad ng San Francisco, SDN.

Malaki ang naging pasasalamat ng naturang organisasyon sa ipinakitang suporta ng mga opisyales sa gobyerno at simpleng mamamayan sa pamamagitan ng pagbibigay ng pera at bigas bilang donasyon sa kabila ng pandemic na nararanasan ng lahat.

Samantala, patuloy pa rin sa pagtanggap ng donasyon ang grupo para sa ikalawang yugto ng pamamahagi ng relief goods.

Ang naturang fund raising ay kolaboratibong proyekto ng Rotaract Metro Surigao sa pangunguna ni Bb. Jean Daryl P. Ampong at G. Raxiety G. Adolfo, Executive Director ng Surigao Youth Convergence (SYC) at kooperasyon ng mga miyembro nito.

*Impormasyon mula kay G. Remuel M. Coles, Rotary M. Coles, Rotaract Member*

Mga Tanong.

1. Paano ipinakita ng asosasyon ang tungkulin sa kapuwa? Ilahad ang detalye.

2. Naisabuhay ba ang bayanihan sa isinagawang pagtulong? Paano?

3. Bilang kabataan, nararapat bang tularan ang ganitong gawain ng ibang tao sa pagbibigay ng tulong sa kapuwa at pamayanan? Oo o Hindi. Bakit?

**BATAYAN SA PAGWAWASTO**

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (7 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (4 puntos)** |
|---|---|---|---|
| Nilalaman ng sagot | Nasagutan nang tama ang tanong at nakapaglalahad ng halimbawa sa pagpapaliwanag. | Nasagutan nang tama ang tanong bagaman hindi gaanong naipapaliwanag nang may halimbawa. | May sagot sa tanong bagaman malayo sa konseptong hinihingi ang halimbawa at pagpapaliwanag. |



# *Isaisip*

## Gawain 6: Iyong Naunawaan

Isulat sa sagutang papel ang mga hinihinging detalye.

3 — Bagong Kaalaman
- 
- 
- 

2 — Paksang nakakuha ng interes
- 
- 

1 — Tanong na gustong masagutan
- 

**PAMANTAYAN SA PAGMAMARKA**

| Pamantayan | Napakasuhay (10 Puntos) | Mahusay (8 Puntos) | Di-gaanong Mahusay (6 Puntos) | Nangangailangan ng Pag-unlad (4 Puntos) |
|---|---|---|---|---|
| Paglalahad sa Bagong kaalaman/ interes | Napakaayos at angkop ang pagkalahad ng kaalaman at interes sa paksa. | Maayos at angkop ang pagkalahad ng kaalaman at interes sa paksa. | Di-gaanong maayos at angkop ang pagkalahad ng kaalaman at interes sa paksa. | May nailahad na kaalaman at interes bagaman malayo sa paksang tinalakay |
| Pagbuo ng tanong | Malinaw at angkop na angkop sa paksa ang nabuong tanong. | Malinaw at angkop sa paksa ang nabuong tanong. | Di-gaanong malinaw at angkop sa paksa ang nabuong tanong. | Hindi malinaw at angkop sa paksa ang nabuong tanong. |
| Kabuoan 20 puntos | | | | |



# *Isagawa*

## Gawain 7: Maging Mapagmatyag!

Obserbahan at suriin ang mga kilos ng mga kasapi ng inyong pamilya kung nagagampanan ba nito ang mga tungkuling panlipunan at pampolitikal. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Panahon o Pagkakataon | Kilos o sitwasyong ginawa ng kasapi ng pamilya | Uri ng tungkuling nagampanan (Panlipunan/Pampolitikal) |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

**PAMANTAYAN SA PAGMAMARKA**

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (8 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)** |
|---|---|---|---|
| Paglalahad ng hinihinging impormasyon | Kompleto at maayos na nailalahad ang hinihinging impormasyon. | Kulang at hindi gaanong maayos na nailalahad ang hinihinging impormasyon. | Iilan lamang na impormasyong naibigay at hindi ito malinaw na nailalahad. |
| Kawastuhan ng sitwasyong naobserbahan sa tahanan | Nakapagbibigay nang wastong obserbasyon. | Hindi gaanong nakapagbigay nang wastong obserbasyon. | Hindi nakapagbigay nang wastong obserbasyon. |
| Kabuoan 20 putos | | | |



# *Tayahin*

Maraming Pagpipilian

Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang napiling titik sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng gampaning panlipunan?
   A. Sinusunod ng pamilyang Torres ang panukala ng gobyerno.
   B. Nagpahayag ng pansariling saloobin si Carla hinggil sa problemang kinaharap.
   C. Ginagalang ng bawat miyembro ng pamilya ang karapatang pantao ng bawat isa.
   D. Pinalaganap ng pamilyang Santas ang pagbibigay ng tulong sa mga kapus-palad.

2. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng panlipunang papel ng pamilya?
   A. bininyagan ang sanggol
   B. binigyan ng bata ang pulubi ng pagkain
   C. pag-aalaga sa isang matanda sa bahay-kalinga
   D. matiwasay na bumoto ang mga mag-aaral sa SSG

3. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng pampolitikal na papel ng pamilya?
   A. pagtatanim ng halaman sa bakuran
   B. pakikiisa sa bayanihan ng barangay
   C. pagtulong sa kapitbahay na nasunugan
   D. pagpapaaral ng mga anak sa magandang institusyon

4. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng panlipunang papel ng pamilya?
   A. paglahok sa clean-up drive
   B. pagtanggap ng tulong mula sa 4P's
   C. pagkakaroon ng proteksiyon mula sa awtoridad
   D. pamimigay sa mga senior citizen ng honorarium mula sa DSWD

5. Si Zack ay nakapila sa fast food chain para bumili ng pagkain. Nakita niya ang isang matanda sa kanyang likuran kaya inalalayan niya ito sa priority lane. Anong pampolitikal na papel ang nagampanan ni Zack sa pagtulong?
   A. karapatang pumila
   B. karapatan ng batang maisilang
   C. paggalang sa karapatan ng matanda
   D. manindigan sa pansariling karapatan

6. Si Belle ay isang manggagawa sa pabrika na naaksidente sa oras ng trabaho ngunit hindi nabigyan ng tulong pinansiyal ng kompanya. Anong karapatang pampolitikal ang nalabag ng kompanya sa pamilya ni Belle?
    A. karapatang magbakasyon
    B. karapatang umangat ang posisyon
    C. karapatang matanggap nang maaga ang mid-year bonus
    D. karapatan ng manggagawang may sakit na magtamo ng pisikal at pang-ekonomiyang seguridad

7. Anong papel ang ginagampanan ng pamilyang nagsusulong ng bayanihan sa isang lugar?
    A. pampolitikal
    B. pangkalusugan
    C. panlipunan
    D. pansimbahan

8. Anong papel ang ginagampanan ng pamilyang sumusunod sa mga batas na nagproprotekta sa karapatang pantao?
    A. pampolitikal
    B. pangkalusugan
    C. panlipunan
    D. pansimbahan

9. Anong papel ang ginagampanan ng pamilyang magiliw na tinatanggap ang mga panauhin?
    A. pampolitikal
    B. pangkalusugan
    C. panlipunan
    D. pansimbahan

10. Anong papel ang ginagampanan ng pamilyang nagboboluntaryong naglilingkod sa pamayanan?
    A. pampolitikal
    B. pangkalusugan
    C. panlipunan
    D. pansimbahan

11. Anong papel ang ginagampanan ng pamilyang nagsasabuhay sa mga karapatang maging pribado ang buhay.
    A. pampolitikal
    B. pangkalusugan
    C. panlipunan
    D. pansimbahan

12. Pag-aalaga sa mga hayop: Panlipunang papel;
Pagsunod sa batas ng paghiwahiwalay ng basura:
    A. karapatang pampolitikal
    B. karapatang panlipunan
    C. karapatang pangkalikasan
    D. pampulitikal na papel

13. Pampolitikal na papel: Pagtaguyod ng pananampalataya
Panlipunang papel:
    A. pagbibigay ng moral na suporta sa kasapi ng pamilya
    B. pagsasakatuparan ang kanyang pananagutan
    C. pagsasapribado ng buhay
    D. pagbuo ng pamilya

14. Pampolitikal na papel: pagsunod sa batas trapiko;
Panlipunang papel:
    A. pagbibigay ng donasyon sa mga biktima ng lindol
    B. pagkakaroon ng kalayaan sa pagpili ng relihiyon
    C. malayang makaanib sa isang asosasyon
    D. may pagkakataong mapapaunlad ang sarili

15. Pampolitikal na papel:
Panlipunang papel: paglilinis ng mga kanal
    A. pagbahagi ng baon ni Jane sa kanyang kaklase
    B. pagbibigay scholarship sa mga kapus-palad
    C. pagsunod sa batas trapiko
    D. pamamahagi ng relief goods

# Karagdagang Gawain

## Gawain 8: Paggawa ng Islogan.

Sumulat ng isang islogan na maglalarawan sa maaring epekto ng matagumpay na pangangalaga at pagsunod sa mga gampaning panlipunan at pampolitikal. Gawing gabay ang rubriks. Gumamit ng *illustration board.*

**PAMANTAYAN SA PAGMAMARKA**

| Pamantayan | Napakahusay (10 Puntos) | Mahusay (8 Puntos) | Di-gaanong Mahusay (6 Puntos) | Nangangailangan ng pag-unlad (4 Puntos) |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Ang mensahe ay mabisang naipakita. | Di gaanong naipakita ang mensahe. | Medyo magulo ang mensahe. | Magulo ang mensahe. |
| Malikhain | Napakalinaw ng pagkakasulat ng mga titik. | Malinaw ang pagkakasulat ng mga titik. | Di gaanong malinaw ang pagkakasulat ng mga titik. | Hindi malinaw ang pagkakasulat ng mga titik |
| Kaangkupan sa paksa | Angkop na angkop sa paksa. | Angkop sa paksa. | Di-gaanong angkop sa paksa. | Hindi angkop sa paksa. |
| Kabuoan 30 puntos | | | | |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. C
2. A
3. C
4. C
5. A
6. D
7. B
8. A
9. A
10. C
11. D
12. C
13. A
14. A
15. D

**Balikan**

Gawain 1
1.A
2.F
3.D
4.E
5.C
6.G
7.B
8.H
9.J
10.I

**Pagyamanin**

Gawain 3
1.TL
2.TP
3.TL
4.TP
5.TL

Gawain 4
1.TAMA
2.TAMA
3. Dapat sabihin sa magulang ang totoong ginawa ng kapatid
4.TAMA

**Tayahin**

1. D
2. B
3. A
4. A
5. C
6. D
7. C
8. A
9. C
10. C
11. A
12. D
13.A
14. A
15. C

# *Sanggunian*

**Aklat**

Bognot, Regina et.Al. 2014. *Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa mag-aaral.* 5th Floor Mabini Building. Meralco Avenue, Pasig City.

**Hanguang Elektroniko**

Peligrino, Ani. *academia.edu.*
hhtp://www.academia.edu/34167705/Modyul_4_ANG_PAPEL_NA_PANLIPUNAN_AT (accessed May 25, 2020).

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph